

**PaD.R.E. ka, pare!**  
(Digital Rectal Examination)

Hindi nararamdaman kung ang PROSTATE GLAND ay may cancer.

Ang Digital Rectal Examination o D.R.E. ay isang madaling paraan upang malaman kung may PROSTATE CANCER ang isang lalaki.

Ang D.R.E. o ang pagkapa sa butas ng puwit ay madaling isagawa at hindi masakit.

Komunsulta sa inyong doktor sa pinakamalapit na pagamutan.

*Agapan ang Prostate Cancer*  
**Pa D.R.E. Ka, Pare!**  
(Digital Rectal Examination)



*Agapan ang Prostate Cancer*

**Pa D.R.E. Ka, Pare!**  
(Digital Rectal Examination)

**A Prostate Cancer Awareness Project**  
of the



**DEPARTMENT OF HEALTH**  
Non Communicable Disease Control Service  
and the  
Public Information and Health Education Service



**PHILIPPINE UROLOGICAL ASSOCIATION**



**PHILIPPINE CANCER SOCIETY**

**Kanser sa Lalaki:**

**PROSTATE  
CANCER**



*Agapan ang Prostate Cancer*


**Pa D.R.E.**  
(Digital Rectal Examination)

**Ka, Pare!**



## Ang PROSTATE GLAND

Ang PROSTATE GLAND ay isang bahagi ng katawan ng lalaki na sinlaki ng sineguelas at makikita malapit sa pantog o urinary bladder.



Ang PROSTATE GLAND ay tumutulong sa reproductive system ng lalaki sa pamamagitan ng pagpapadami ng likido na kasama ng semilya

Hindi madaling malaman kung ang PROSTATE GLAND ay may diperensiya lalo na kung may kanser.

Ang Digital Rectal Examination o D.R.E. ay isang madaling paraan upang masuri ang kalagayan ng PROSTATE GLAND.


## Ang PROSTATE CANCER

Ang PROSTATE CANCER ay isang abnormal na kondisyon ng prostate gland na maaring kumalat sa iba't-ibang bahagi ng katawan at maaaring mauwi sa kamatayan.

Sa Pilipinas ang PROSTATE CANCER ay isa sa tatlong pangunahing dahilan ng pagkamatay ng mga lalaki.

Lahat ng lalaki ay maaaring magkaroon ng PROSTATE CANCER! Kadalasan, ang mga nagkakaroon nito ay mga lalaking edad 45 pataas o mga lalaking mayroong kasaysayan ng PROSTATE CANCER sa pamilya.

Ngunit, ang PROSTATE CANCER ay nagagamot kung maaagapan!



(Digital Rectal Examination)

## Palatandaan ng PROSTATE CANCER

Karamihan sa mga palatandaan o sintomas ng PROSTATE CANCER ay may kaugnayan sa pag-ihi, katulad ng:

- Mahinang puwersa
- Madalas, lalo na sa gabi
- Pagkaudlot
- Pagkaramdam ng hindi pagka-said ng ihi sa pantog
- Pilit o puwersahan
- Masakit
- May kasamang dugo



Ang iba pang sintomas ng PROSTATE CANCER na walang kaugnayan sa pag-ihi, tulad ng:

- Pananakit ng balakang
- Pananakit ng buto lalo na sa likod na mapagkakamalang rayuma o "arthritis"
- Pagtitibi
- Pagbaba ng timbang
- Pamumutla
- Di-pangkaraniwang panghihina

